# ANG PAGHAHANAP PARA SA PANLOOB NA KAPAYAPAAN (BAHAGI 2 NG 4): PAGTANGGAP NG TADHANA

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang pangalawang artikulong ito ay nagbibigay ng tunay na mga halimbawa at kwento na naglalarawan ng kahalagahan ng pagkilala na ang lahat ng tao ay nahaharap sa mga balakid sa buhay na sakop ng kanyang kakayahan at mga balakid na di nila kayang kontrolin at ang mga balakid na hindi kayang makontrol ng isang tao ay dapat ituring-bilang itinadhana ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

**Kategorya:**
Mga Artikulo Ang mga Pakinabang ng Islam Tunay na Kaligayahan at Panloob na Kapayapaan

**Ni:** Dr. Bilal Philips (transcribed from an audio lecture by Aboo Uthmaan)

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020

**Huling binago noong:** 04 Oct 2009

Marami tayong mga problema, napakaraming mga balakid na kahalintulad sila ng mga sakit. Kung susubukan nating harapin ang mga ito nang paisa-isa ay hindi natin kailanman malalampasan ang mga ito. Kailangan nating kilalanin ang mga ito, ilagay ang mga ito sa ilang mga pangkalahatang kategorya at lutasin ang mga ito bilang isang grupo kumpara sa pagsubok na harapin ang bawat balakid at problema.

Upang magawa ito kailangan muna nating alisin ang lahat ng mga hadlang na hindi natin makontrol. Kailangang makilala natin kung aling mga hadlang ang kaya nating makontrol at alin ang hindi natin makontrol. Habang ipinagpapalagay natin na ang mga wala sa ating kontrol bilang mga hadlang ngunit ang katotohanan ay hindi sila mga balakid. Sa katotohanan ang mga ito ang mga bagay na itinakda ng Diyos para sa atin sa ating buhay, hindi talaga sila mga hadlang, mali lang ang ating pagkakaunawa na ang mga ito ay mga hadlang.

Halimbawa, sa oras na ito ang isang tao ay maaaring matagpuan ang sarili na ipinanganak na maitim sa isang mundo na pinapaboran ang mga mapuputing tao kaysa sa mga itim na tao; o ipinanganak na mahirap sa isang mundo na pinapaboran ang mayayaman kaysa mahihirap, o ipinanganak na maliit, o lumpo, o anumang iba pang pisikal na kondisyon na itinuturing na isang kapansanan.

Ito ang mga bagay na hindi natin makokontrol. Hindi natin pinili kung sa aling pamilya tayo ipapanganak; hindi natin pinili kung aling katawan ilalagay ang kaluluwa natin, hindi ito ang ating pinili. Kaya't kung matatagpuan natin ang ating mga sarili sa ganitong uri ng mga balakid ay kailangan lamang nating maging mapagpasensya sa mga ito at mapagtanto na, sa katunayan, hindi talaga sila mga hadlang. Sinabi sa atin ng Diyos:

***"…maaari na hindi ninyo naiibigan ang isang bagay na mainam sa inyo at naiibigan naman ninyo ang isang bagay na masama sa inyo. Datapuwa't si Allah ang nakakaalam at ito ay hindi ninyo nalalaman." (Quran 2:216)***

Kaya ang mga balakid na hindi natin makontrol, ay maaring hindi natin gusto ang mga ito at maaring gusto nating baguhin ang mga ito, at ang ilan ay talagang gumugol ng maraming pera sa pagsisikap na baguhin ito. Si Michael Jackson ay isang pangunahing halimbawa. Siya ay ipinanganak na maitim sa isang mundo na pinapaboran ang mga maputing tao, kaya gumastos siya ng maraming pera sa pagsisikap na baguhin ang kanyang sarili ngunit nauwi lamang sa di magandang sitwasyon ang mga bagay bagay.

Makakamit lamang ang panloob na kapayapaan kung ang mga hadlang na wala sa ating kontrol ay tinatanggap nang may pagpapasensya bilang bahagi ng itinadhana ng Diyos.

Dapat nating malaman na anuman ang mangyari, maging ito ay sakop ng ating kontrol o wala tayong kontrol, na ito ay nilagyan ng Diyos ng ilang kabutihan, kahit na hindi man natin mapagtanto kung ano ang mabuti dito; ang kabutihan ay nandoon pa rin. Kaya tinatanggap natin ito!

Mayroong isang artikulo sa isang dyaryo na may litrato ng isang nakangiting lalaki na taga-Ehipto. Ang ngiti sa kanyang mukha ay mula sa tainga hanggang kabilang tainga na nakaunat ang mga kamay at ang parehong nakalitaw ang mga hinlalaki; hinahalikan siya ng kanyang ama sa isang pisngi at ang kanyang kapatid na babae sa kabilang pisngi.

Sa ilalim ng litrato ay may nakasulat. Siya dapat ay nasa isang biyahe ng Gulf Air noong isang araw, mula Cairo patungong Bahrain. Nagmamadali siyang tumungo sa paliparan upang maabutan ang flight at nang makarating siya doon ay mayroong isang stamp o tatak na nawawala sa kanyang Passport (Sa Cairo kailangan mong magkaroon ng maraming selyo sa iyong mga dokumento. Kailangan mong magpa-tatak dito at pirma doon) ngunit ayun at naroon siya sa paliparan na may isang tatak na nawawala. Bilang isang guro sa Bahrain at ang biyaheng ito ang huling pabalik na ruta sa Bahrain na magbibigay daan sa kanya upang makarating sa tamang oras, ang di pagsakay sa biyaheng ito ay mangangahulugang mawawalan siya ng trabaho. Kaya pinagpilitan niyang hayaan siyang sumakay. Nagalit siya, nagsimulang umiyak at sumigaw at magwala, ngunit hindi siya pinasakay sa eroplano. Lumipad ito nang wala siya. Umuwi siya (sa kanyang bahay sa Cairo) na may pagkabalisa, iniisip na wala na at tapos na din ang kanyang karera. Inalo siya ng kanyang pamilya at sinabihan siyang huwag mag-alala tungkol dito. Kinabukasan, narinig niya ang balita na ang eroplano na kung saan dapat siya ay nakasakay ay na aksidente at ang lahat ng nakasakay ay namatay. At naroon siya, tuwang-tuwa na hindi siya nakasama sa paglipad nito, ngunit noong nakaraang araw, ay parang katapusan na ng kanyang buhay, isang trahedya na hindi nangyari sa kanya dahil sa siya ay di nakasakay sa biyaheng iyon .

Ito ay mga palatandaan, at ang gayong mga palatandaan ay matatagpuan sa kwento nina Moises at Khidr (na pinaka mainam kapag binabasa natin sa bawat Jumu'ah, i.e.

Kabanata al-Kahf ng Banal na Quran). Nang gumawa ng butas si Khidr sa bangka ng mga taong mabait na naghatid sa kanila ni Moises sa kabilang ilog, tinanong ni Moises kung bakit niya ito ginawa (Khidr).

Nang makita ng mga may-ari ng bangka ang butas ay nagtaka sila kung sino ang gumawa nito at naisip na ito isang gawaing masama. Maya-maya pa ay may dumating na Hari sa ilog at sapilitang kinuha ang lahat ng mga bangka maliban sa isa na may butas sa loob nito. Kaya't pinuri ng mga may-ari ng bangka ang Diyos dahil sa pagkakaroon ng butas sa kanilang bangka.[1]

May iba mga hadlang o mga bagay na ipinagpapalagay bilang mga hadlang sa ating buhay. Ito ang mga bagay na hindi natin matanto kung ano ang nasa likod ng mga ito. Ang isang bagay ay nangyayari at hindi natin alam kung bakit, wala tayong paliwanag tungkol dito. Para sa ilang mga tao ito ang nagtutulak sa kanila sa kawalan ng paniniwala. Kung ang isa ay makikinig sa isang ateyista, wala siyang panloob na kapayapaan at tinatanggihan ang Diyos. Bakit naging ateyista ang taong iyon? Ito ay di pangkaraniwan na hindi maniwala sa Diyos, samantalang pangkaraniwan sa atin ang maniwala sa Diyos sapagkat nilikha tayo ng Diyos na may likas na pagkiling na maniwala sa Kanya.

Sinabi ng Diyos:

***“Kaya’t iharap mo (O Muhammad) nang tunay ang iyong mukha sa Pananampalatayang dalisay ng Islam at Hanifan (alalaong baga, ang tanging sumamba lamang kay Allah, at sa Fitrah (ang likas na damdamin ng paniniwala sa pagiging tanging Isa ni Allah), na sa pamamagitan nito (Fitrah) ay Kanyang nilikha ang sangkatauhan. Huwag hayaan na magkaroon ng pagbabago sa Khalq-illah (alalaong baga, ang pananampalataya ni Allah, sa Islam at sa Kanyang Kaisahan); ito ang Tuwid na Pananampalataya, datapuwa’t ang karamihan sa mga tao ay walang kaalaman.” (Quran 30:30)***[2]

Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ay nagsabi:

***“Ang bawat bata ay ipinanganak na may kalikasan na dalisay (bilang isang Muslim na may likas na pagkiling na maniwala sa Diyos) ...” (Saheeh Al-Bukhari, Saheeh Muslim)***

Ito ang likas na katangian ng mga tao, ngunit ang isang tao na nagiging isang ateyista na hindi niya natutunan mula sa pagkabata ay karaniwang nangyayari dahil sa isang trahedya. Kung may nangyaring isang trahedya sa kanilang buhay wala silang mga paliwanag kung bakit ito nangyari.

Halimbawa, ang isang taong naging ateyista ay maaaring sabihin na siya ay nagkaroon ng isang mabuting tiyahin; siya ay isang napakahusay na tao at minamahal siya ng lahat, ngunit isang araw habang siya ay nasa labas at tumatawid sa kalsada ay may bumulaga na kotse at nabundol siya at namatay. Sa dinami-dami ng tao ay bakit sa kanya pa nangyari ito? Bakit? Walang paliwanag! O ang isang tao (na naging ateyista)

ay maaaring nagkaroon ng anak na namatay at nasabi kung bakit nangyari ito sa aking anak? Bakit? Walang paliwanag! Bilang resulta ng mga nasabing trahedya ay naiisip nila na maaaring walang Diyos.

---

Mga Talababa:

[1] Ang Hari ay mapang-api at kilala sa pag-kamkam sa bawat magandang bangka ng puwersahan, ngunit ang mga tao na nagmamay-ari ng bangka ay mahihirap at ito lamang ang kanilang paraan upang kumita kaya nais ni Khidr na ang bangka ay palitawin na may sira kaya hindi nagawa ng hari na kunin ito upang ang mga mahihirap na tao ay magpatuloy na makinabang mula rito.

[2] Ang talatang ito ay idinagdag sa salin ng mga tagapagsalin.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/index.php/tl/articles/634/ang-paghahanap-para-sa-panloob-na-kapayapaan-bahagi-2-ng-4

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.